



# MAGBASA TAYO... NANG SAMA-SAMA!

Nangungunang 5 Tip para sa Matagumpay na Pagbabasa sa Summer

## *Bakit napakahalaga ng pagbabasa ngayong summer?*

Ang mga mag-aaral na hindi nagbabasa kapag bakasyon ng summer ay maaaring mahuli sa pag-aaral at masimulan ang bagong taon ng pasukan nang nahuhuli kumpara sa kanilang mga kasamahan.

Maaari kang makatulong na maiwasan ang pagiging huli sa pagbabasa at hikayatin ang iyong anak na simulan nang tama ang susunod na taon ng pasukan sa pamamagitan ng pagsunod sa limang simpleng tip na ito.

1. **Magbasa araw-araw kasama ng iyong anak!**
2. **Magbasa kahit saan – Sa kahit na anong wika.** At kung wala kang librong dala-dala, kumanta o magsalaysay ng kuwento.
3. **Tulungan ang iyong anak na magbasa.** Maghanap ng mga libro na angkop ang antas para sa iyong anak sa aklatan.
  - Ibigkas ang mga salita;
  - Ituro ang bahagi ng salita na kanilang alam na;
  - Balikan at subukan muli; at
  - Gumamit ng ibang mga salita na may kahulugan sa kanila
4. **Pag-usapan kung ano ang binabasa.** Magtanong tungkol sa kuwento.
  - Ano ang nangyayari?
  - Paano magwawakas ang kuwento?
  - Ano ang iyong paboritong bahagi ng kuwento?
5. **Masaya ang pagbabasa!** Magkatuwaan sa pagbabasa at pakikipagkuwentuhan kasama ang iyong pamilya.

## MAGBASA TAYO... LIBRE ITO!

***Mangarap nang Malaki, Magbasa! Ang Pagbabasa sa Summer kasama ang King Count Library System: Hunyo 1- Agosto 31***

Ang mga bata sa King County ay maaaring magparehistro para sa Summer Reading Program (Programang Pagbabasa sa Summer) sa [www.kcls.org/srp](http://www.kcls.org/srp) o sa iyong lokal na aklatan simula Hunyo 1. Sa pamamagitan ng isang Summer Reading Log na maaari mong makuha sa kanilang paaralan, sa [www.kcls.org/srp](http://www.kcls.org/srp) o sa pamamagitan ng pagbisita sa iyong lokal na aklatan, ang mga bata ay maaaring mabasa at manalo ng mga premyo, kasama na ang pagiging karapat-dapat na manalo ng isang Netbook na computer. Ang mga Preschool na Mambabasa ay maaaring sumali sa pagbunot ng isa sa tatlong mga membership para sa pamilya sa KidsQuest Museum o isang family fun pack sa Woodland Park Zoo. Mahahanap ang lahat ng mga detalye at impormasyon sa daan-daang mga libreng programa sa lahat ng 46 KCLS na aklatan at sa [www.kcls.org](http://www.kcls.org).

